Ang una kong nailimbag na aklat sa Lifebooks ay isang Young Adult na nobeleta. Ang pamagat nito ay *Sir, You're Hot*. Ganito ang napili kong pamagat dahil noong 2012, kasagsagan ng mga ganitong kuwento at pamagat sa website. Tungkol ito sa kaklase ko noong college na nakipag-away sa propesor ko. Isa ito sa naging sikat kong akda. Nagkaroon din ng lagpas isang milyong reads ito sa Wattpad at nailathala ng Lifebooks. Nasundan pa nga ito ng ikalawang aklat na may pamagat na *Sir, You're Mine*. Parehong may 40,000 words ang nobeletang iyon.

Matapos ang higit sampung taon ng pagkakalimbag nito, hindi ko ikinahihiya na ito ang pagsisimula ko sa Malikhaing Pagsulat. Nagsulat lang ako noon sapagkat gusto ko lang magpalipas-oras, at magkaroon ng gagawin bukod sa pag-aaral. Sa parehong publisher, nailimbag din ang iba ko pang mga akda gaya ng *Mahal Kita Pero,* at *Nag-assume, Nagmahal, Naiwan, Nasaktan.*

Nagsusulat ako dahil may nais akong ibahagi. Nais kong ibahagi ang karanasan na mayroon ako. Nais kong ibahagi ang saya sa iba. Nais kong ibahagi ang natutunan ko sa mga kabataang makababasa ng kuwento ko. Pero siyempre, alam kong hindi dapat laging saya ang pagsusulat. Kailangan ko ring matuto pa lalo upang mahasa pa ang kakayahan ko.

## C. Ang Iba't Ibang Tinig sa Pagkatha

Maraming nangyari sa buhay ko nang matapos ang 2014. Nahirapan na akong magsulat nang madalas dahil kailangan kong maghanap ng trabaho at kailangan kong mag-adjust sa buhay bilang bahagi ng mga manggagawa. Bukod pa rito, kailangan ko ring maghanda para sa aking licensure exam.

Mahirap pagsabay-sabayin ang lahat ng responsibilidad bilang isang anak, empleyado, at manunulat. Bagaman nahihirapan, hindi pa rin naman ako tumigil. Paunti-unti akong nagsusulat sa libreng oras. Isinusulat at inilalagay ko pa rin sa Wattpad. Hindi na nga lang madalas gaya ng dati. Noon, araw-araw akong nagsusulat. Nang magsimula na akong magtrabaho, halos isang beses na lang sa isang linggo.

Sa awa ng Diyos, naging lisensyadong guro ako at nagkaroon pa ng ilang libro mula sa Lifebooks at St. Paul's. Sa kadahilang nais kong mapabuti at mapaghusayan pa ang pagsusulat, napagdesisyunan kong kumuha ng master's degree sa Malikhaing Pagsulat. Kumuha ako ng kursong ito bagaman malayo sa undergraduate kong Bachelor in Secondary Education major in English. Bihira ang lumalayo sa major na



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 19 11/20/2024 8:05:46 AM

Ingles pero pinili ko ang daang hindi madalas puntahan dahil alam kong sa daan na ito malilinang ang pagsusulat ko.

Noon, ang layon ko ay mas matuto lang upang mas mapaganda pa ang mga nobelang naisusulat, subalit, nang makumpleto ko ang mga kahingiang kurso, napagtanto kong higit pa rito ang responsibilidad ko bilang isang manunulat.

Naging guro ko ang mga kilalang manunulat sa mundo ng panitikan ng Pilipinas. Dito ako namulat pa sa iba't ibang akda na tungkol sa Pilipinas. Dito ko naranasang magbasa ng aklat na mas makapal pa sa binabasa ko noon sa kolehiyo. Nakilala ko ang iba't ibang manunulat ng Filipino. Nakapagbasa pa ako ng mga literary canon. Natutunan ko ang iba't ibang teorya sa panitikan at malikhaing pagsulat. Dahil rito, sinubukan kong lumabas sa mga nakasanayan kong basahin.

Nagbasa na rin ako ng mga akdang isinulat ng mga manunulat na Pilipino. Ilan sa mga nabasa ko ay ang *Janus Silang Series* ni Edgar Calabia Samar (2014), Moymoy Lulumboy: Ang Batang Aswang ni Segundo Matias (2014), at ang *The Mythology Class* ni Arnold Arre (2014). Ang komiks ni Dead Balagtas: *Tomo 1 Mga Sayaw ng Dagat at Lupa ni Emiliana Kampilan* (2017) ay naglalaman din ng ilang mitolohiya ng Pilipinas at mga paksang napapanahon gaya ng *labor*, LGBT, at migration. Sabay ang pagsasalaysay ng mitolohiya at ng kuwento sa kasalukuyan. May pagkakapareho ang mga akdang ito. Lahat sila ay nagtatampok ng mga kabataan, tungkol sa pakikipagsapalaran, at may halong mga tauhan mula sa mitolohiya ng Pilipinas.

Sa mga akdang ito nagmula ang inspirasyon ng aking akdang masasabi kong pinakatampok ng buhay-manunulat ko.

Ang mga manunulat na nakaimpluwensiya sa akin ay sina Edgar Samar at si Rick Riordan. Sa kanila ko nakuha ang inspirasyon upang magsulat ng isang nobela na kung saan, itatampok ang mga tauhan mula naman sa mitolohiya.

Habang nananaliksik ako para sa isang klase, nabasa ko ang disertasyon ni Edgar C. Samar. Naalala ko kung gaano kakapal ang poetika at nobela niya. Best in thesis pa nga ang gawa niya. Namangha ako. Siya ang "lodi" ko sa larangan ng panitikan na nais kong tahakin.

Sumali ako sa Patreon club ni Edgar Samar. May monthly subscription ito. Araw-araw siyang nagbibigay ng kaalaman tungkol sa pagsusulat. May early access rin sa mga bago niyang kuwento at podcast. Nagpakilala rin siya ng iba pang mga tauhan sa mitolohiya ng Pilipinas.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 20 11/20/2024 8:05:46 AM

Sa dami ng itinuro niya, isa sa paborito kong sinabi niya ay "Okay lang matakot." Naramdaman ko sa pangungusap na ito na may takot nga ako sa pagsusulat pero okay lang naman iyon. Hindi masamang matakot basta hindi ako magpapaawat sa takot na nararamdaman ko. Sa kaniya ko unang natutunan ang posibilidad ng pagsasama ng mga tauhan sa isa pang akdang pampanitikan.

Paborito ko ring manunulat si Rick Riordan. Bagaman nakatutok sa kanluraning mitolohiya ang mga akda niya, nagkaroon ako ng ideya kung paanong mapapabuti pa ang balak kong isulat.

Bukod kay Samar at Riordan, naging panatiko rin ako ng Paulo Coelho. Sa totoo lang, ang layo ng genre niya sa gagawin kong akda, pero sa palagay ko, ang aklat niyang *The Alchemist* ang isa sa mga akdang nagpaalala sa akin na maaaring gamitin ang mga ordinaryong bagay upang magturo ng mga mahihirap na konsepto.

Sa mga nabasa kong akdang pampanitikan, hinamon ko ang aking sarili. Bilang isang tagapakinig lamang ng kuwentong-bayan noon, mambabasa ng mga panitikang pangkabataan, at isang simpleng manunulat sa Wattpad, ano ang magiging bago sa mga susunod kong isusulat ko? Ano kaya ang kaya kong iambag sa mundo ng panitikan? Ano ang kaya kong ibigay base sa karanasan ko mula pagkabata hanggang sa pagtatapos ng isang napakahalagang kurso para sa akin? Ito ang mga tanong na susubukin kong sagutin sa aking isusulat na akda.

Kabilang ako sa mga ordinaryong mamamayan na nagsasalaysay ng kuwento. Bagamat nasira ng teknolohiya ang kinahiligang tradisyon na ito, babalikan kong muli ang nakasanayan ng aming pamilya. Ako, bilang mambabasa ng panitikang pangkabataan, guro sa elementarya, at mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat ang magpapatuloy ng nasimulang pagsasalaysay ng aming pamilya.

Sa pagsusulat ko ng aking akda, babalikan kong muli ang magagandang kuwentong-bayan na mahirap nang balikang muli dahil sa pagiging abala sa kaniya-kaniyang buhay. Susubukin kong kumatha ng isang akda na siyang magsisilbing sisidlan ng mga naratibo ng kabataan. Susubukin ko rin itong samahan ng konsepto tungkol sa napili kong paksa mula sa mitolohiya ng Pilipinas, piling lugar sa Rizal, at mga aral na kinagisnan ko simula pagkabata.

Kung may nawala man sa akin dahil sa pagtatrabaho at pag-aaral, iyon ay ang pribilehiyong makapakinig pa ng kuwento upang mas makapagsulat pa ng mga kuwentong may saysay at halaga.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 21 11/20/2024 8:05:46 AM

Sa pagsusulat kong muli, ibabalik ko ang mga bagay na biglang nawala. Mga kuwentuhan na aming pinakikinggan, mga bagay na pinagmamasdan, at mga piling kuwento mula sa bayang kasalukuyang tirahan. Kagaya sa nobela kong *Si Iska at ang Nawawalang Kampana*, susubukin kong bigyang tinig ang danas ng kabataan sa bagong henerasyon na hindi na naririnig.

Messianic mang pakinggan ang proyekto, subalit iniaalay ko ang bubuuing akda sa mga kabataang nakasalamuha ko bilang guro, at sa mga magulang na siyang nagtiwala sa akin upang maturuan ang mga anak nila.

Susubukin ko, sa pamamagitan ng pagkatha ng akdang ito, na ibalik ang mga kuwentong unti-unting nawawala dahil na rin sa iba't ibang salik na hindi maiiwasan. Ano nga ba mangyayari kung wala nang tinig ang partikular na sektor ng lipunan? Ano nga ba ang mangyayari kung wala nang boses ang kabataan sa lipunang ginagalawan?

Sa bawat paglisan, at paglipas, laging may bagong darating. Lagi't laging may bagong daan na maaaring tahakin. Hindi naman ibig sabihin na umalis sa isang lugar ay katapusan na. Sa bawat paglisan, dala-dala ng manunulat ang alaala ng kaniyang nakaraan. Ang mga alaalang ito ang siyang tutulong upang makabuo ng bagong daan patungo sa mga bagong aral at karanasan.

## D. Ang Tinig ng Panitikang Pangkabataan

Bilang guro at bilang isang manunulat sa Wattpad, may personal akong bias sa panitikang pangkabataan. Sa kategoryang ito ako nahilig magbasa at sumulat nang akda. Dito rin ako nagkaroon ng ilang mambabasa online at offline. Kaya naman, ito ang pinanggagalingan ng aking akdang isusulat bilang kahingian sa kursong Malikhaing Pagsulat.

Pinili ko ang panitikang pangkabataan sapagkat nais kong gamiting paraan ito upang magsalaysay ng mga kuwentong-bayan, magbigay ng bagong naratibo sa kasalukuyan kong panahon, at magdagdag kaalaman sa mga konseptong napili kong ipaliwanag sa thesis na ito.

Subalit, sino nga ba ang miyembro ng kabataan?

Sa *Stages of Development* ni Erik Erikson (1975), sa *adolescence* nagsisimula ang pagbuo ng pagkakakilanlan. Ayon sa teorya niya, dito nagsisimula nang makipag-ugnayan sa lipunan. Ito ang panahong kung saan nakikipagkilala pa ang isang indibidwal sa ibang tao—maaaring para sa isang relasyon o pakikipagkaibigan. Ang pagkakakilanlan na mabubuo sa



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 22 11/20/2024 8:05:46 AM